


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 3

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan - Modyul 4: Mga Makasaysayang Lugar sa Sariling Lalawigan at Rehiyon at ang Kahalagahan nito sa Pagbuo ng Kultura



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Allan S. Caballero<br>Eladeleah E. Pacaña |
| **Editor:** | Leizel C. Caballero |
| **Tagasuri:** | Ma. Angelica C. Epanto<br>Kimberly Cler G. Suarez<br>Joannie T. Duarte |
| **Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** | |
| | Allan S. Caballero<br>Eladeleah E. Pacaña |
| **Tagalapat:** | |
| **Tagapamahala:** | Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI<br>OIC, Schools Division Superintendent |
| | Visminda Q. Valde, EdD<br>OIC, Assistant Schools Division Superintendent |
| | Raymond M. Salvador, EdD, CESE<br>OIC, Assistant Schools Division Superintendent |
| | Juliet A. Magallanes, EdD<br>CID Chief |
| | Florencio R. Caballero, DTE<br>EPS - LRMDS |
| | Alma L. Carbonilla, EdD<br>EPS – Araling Panlipunan |



# Alamin

Magandang araw mga bata! Sa araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Makapagpaliwanang sa kahalagahan ng mga makasaysayang lugar at ang mga saksi nito sa pagkakakilanlang kultura ng sariling lalawigan at rehiyon.

   **( AP3PKR-lIId-4)**



# Balikan

Panuto: Punan ng tamang salita ang patlang. Piliin ang sagot nito mula sa loob ng panaklong at isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Ang Megayon Festival ay ipinagdiriwang sa __________ (Zamboanga del Norte, Zambonga del Sur, Zambonga Sibugay).

2. Ipinagdiriwang sa _____________ (Zamboanga del Sur, Zambonga City, Zambonga Sibugay) ang Sibug-Sibug Festival.

3. Ang ___________ (Zamboanga Hermosa Festival, Kinabayo Festival, Sibug-Sibug Festival) ay ipinagdiriwang sa Lungsod ng Dapitan.

4. Ang ___________ (Megayon Festival, Sibug-Sibug Festival, Pagsalabuk Festival) ay ipinagdiriwang sa Lungsod ng Dipolog.

5. Ipinagdiriwang sa _____________ (Dipolog City, Zambonga City, Pagadian City) ang Zamboanga Hermosa Festival.

Aralin

# Mga Makasaysayang Lugar sa Sariling Lalawigan at Rehiyon at ang Kahalagahan Nito sa Pagbuo ng Kultura



## Tuklasin

Hindi maipagkakailang mayaman sa kultura ang ating rehiyon. Ito’y sa kadahilanang may iilang mga lugar dito na naging saksi sa pagbuo ng ating pambansang kasaysayan. Ang mga ito ay nagsilbing tanda upang mabuo ang mga pira-pirasong pangyayaring naganap na naging bahagi na sa ating pang-araw-araw na pamumuhay bilang mga Pilipino.

***Kaya mo ito!***

Panuto: Subukang sagutin ang mga sumusunod na tanong at isulat ito sa
iyong sagutang papel.

1. Mahalaga ba para sa iyo ang mga makasaysayang pook sa sariling lalawigan at rehiyon?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Paano mo maipakikita ang iyong pagpapahalga sa mga lugar na ito?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Handa ka na bang malaman at maintindihan ang mga makasaysayang pook at kung paano ito naka-ambag sa pagbuo ng ating kultura? Tara na! Maglakbay na tayo upang suriin ang ilan sa mga ito!



# Suriin

Simula ng dumating at tuluyang sinakop ng mga dayuhang Espanyol at Amerikano ang ating bansa ay kabilang na ang ating Rehiyon IX - Zamboanga Peninsula sa naging saksi at kabahagi ng mga mahahalagang pangyayari noong panahon ng pananakop. Isa na rito ang makasaysayang lungsod ng Dapitan sa lalawigan ng Zamboanga del Norte kung saan itinapon ng mga Espanyol noong 1892 ang ating pambansang bayani na si Dr. Jose P. Rizal ng mahigit apat na taon bago siya pinaslang sa Bagumbayan noong Disyembre 30, 1896, ngayon ay kilala bilang Rizal Park.

Marami siyang nagawang makabuluhan at katangi-tanging mga bagay sa nasabing lugar. Patunay na siya ay isang matalino, matulungin at maparaang tao. Ilan sa mga ginawa niya rito ay ang kanyang bahay, klinika at paaralan na lubos na nakatulong sa mga tao doon noong panahong iyon.

Sa kasalukuyan, ang kanyang bahay, mga mahahalagang kagamitan at ang buong paligid nito ay pinangangalagaan at pinanatiling malinis ng pamahalaang lokal ng lungsod. Ito ay upang mapanatiling buhay ang mga ala-ala ng isang Pilipinong minsan ay dinakip at ipinatapon ng mga mananakop sa lugar na kalaunan ay naging pambansang bayani ng bansa.

Ang makasaysayang lugar na ito ay naging atraksiyon sa ngayon para sa mga taong dumarayo sa lungsod at maging sa mga mag-aaral at guro sa iba't ibang bahagi ng bansa na nagkakaroon ng Pang-edukasyong Paglalakbay o *Educational Tour*.






*Ang mga larawan ay kuha ng mga manunulat.*

Isa pang maituturing na makasaysayang pook na naging saksi rin sa mga pangyayari noong panahon ng pananakop ay ang Kuta ng Militar na matatagpuan sa bayan ng Tukuran sa lalawigan ng Zamboanga del Sur. Sa Barangay Militar ng nasabing bayan nakatayo ang isang matibay na istruktura na gawa sa pinagpatung – patong na mga bato at sa bawat sulok nito ay may mga maliliit na butas na hugis parihaba. Hindi lamang iyan, kakikitaan pa ito ng isang nakamamanghang kanyon na tila ba handang-handa sa anumang paparating na sagupaan.

Akalain mong ito pala ay naging isang pamayanan na pinamumunuan ni Sultan Untung na nagapi ng puwersang Espanyol noong 1887? Tinayuan ng kuta ng mga Espanyol noong 1890 na naging saksi sa pagbitay ng ilang mga sundalong Pilipino sa Mindanao. Matapos nila itong iniwan ay tinayuan na naman ng isa pang  pamayanang Muslim noong 1899. Ngunit nang lumaon ay naging garison din ng Hukbong Amerikano taong 1900-1912, at ng Philippine Constabulary taong 1902-1903. Naging sentro ng Tukuran-Lintugop Telephone Line ng U.S. Signal Corps, ang pangunahing linya ng komunikasyon sa Mindanao noong 1901. Naging himpilan din ito ng Distritong Militar noong 1912-1918 at Distritong Munisipal ng Tukuran noong 1918-1921. Ngunit tuluyan na ring  inabandona ang nasabing kuta dahil sa walang tigil na pagsalakay ng mga Moro.

Ang nakakubling kuta na ito ay pinangangalagaan ng pamahalaang lokal ng bayan at sa kasalukuyan ay isang masaya at tahimik na pamayanan, ang Barangay Militar ng Tukuran, Zamboanga del Sur.





*Ang mga larawan ay kuha ng mga manunulat.*



# Pagyamanin

**Gawain 1**

Panuto: Iguhit ang  kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagpapa- halaga sa makasaysayang pook sa sariling lalawigan at rehiyon at  kung hindi. Iguhit ito sa iyong sagutang papel.

________1. Ipinagmamalaki ang mga makasaysayang pook sa sariling lugar.
________2. Palihim na iiwan ang mga pinagkainan sa tuwing magpipiknik sa isang makasaysayang lugar.
________3. Paglaruan ang mga mahahalagang bagay sa loob ng isang museo.
________4. Ibahagi sa kapwa mag-aaral ang nalalaman tungkol sa mga makasaysayang lugar sa sariling lalawigan at rehiyon.
________5. Ikinahihiya paminsan-minsan ang mga makasaysayang lugar.

**Gawain 2**

Maghanap ng isang makasaysayang lugar, gusali o bantayog sa inyong lalawigan at sumulat ng maikling salaysay tungkol dito. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

Gawing batayan ang mga tanong na nasa loob ng kahon sa pagbuo nito.

a. Saan ito matatagpuan?
b. Paano mo ito mailalarawan?
c. Ano ang naiambag nito sa ating kasaysayan?



# Isaisip

Panuto: Punan ang mga patlang upang mabuo ang wastong ideya ng mga pahayag. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Ang modyul na ito ay tungkol sa ______________________________.
2. Habang ginagawa ko ang mga gawain sa modyul ay marami akong natutunan tulad ng ______________________________________.
3. Mahalagang mapangalagaan ang makasaysayang lugar sa sariling lalawigan at rehiyon dahil _______________.



# Tayahin

Panuto: Basahin at suriing mabuti ang bawat tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Saan matatagpuan ang Lungsod ng Dapitan?
   A. Zamboanga City C. Zamboanga Sibugay
   B. Zamboanga del Sur D. Zamboanga del Norte

2. Saang bahagi ng Tukuran, Zamboanga del Sur makikita ang Kuta ng Tukuran?
   A. Barangay Militar C. Barangay Sto Nino
   B. Barangay Sugod D. Barangay San Carlos

3. Bakit mahalaga ang mga makasaysayang pook sa mga lalawigan at rehiyon?
   A. Ito ay nagsisilbing sorpresa para sa mga turista.
   B. Ito ay nagsisilbing puhunan para umunlad ang lugar.
   C. Maraming mga dayuhan ang gustong pumasok upang magnegosyo.
   D. Ito ang nagdudugtong sa mga mamamayan upang malaman at maintindihan ang kanyang pinagmulan at pagkakakilanlan.

4. Paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa mga maka - saysayang pook sa iyong lalawigan at maging sa buong rehiyon?
   A. Magkalat paminsan-minsan sa mga nasabing pook.
   B. Gawin itong pasyalan at palaruan ng kapwa mag-aaral.
   C. Tiyaking lumiban mula sa klase at bumisita doon upang matuto.
   D. Ibahagi sa kapwa mag-aaral ang nalalaman at ang kontribusyon nito sa uri ng pamumuhay meron tayo ngayon.

5. Si Francisco ay nakatira sa Tukuran, Zamboanga del Sur. Alam niya na mayroong makasaysayang pook sa kanilang lugar. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang pinakamainam at pinakamadali niyang gawin upang malaman ito ng mga tao sa ibang lugar?
   A. Magpadala ng sulat at mga larawan sa lugar sa kanyang mga kaibigan.
   B. Magpost sa *facebook* at ilarawan ang ganda at kultura ng mga naninirahan sa nasabing lugar.
   C. Maghanap ng pagkakataon na mailathala ito sa isang sikat na pahayagan.
   D. Hikayatin ang magulang na maglaan ng puhunan upang Makapagnegosyo sa nasabing lugar.



# Karagdagang Gawain

Panuto: Gumawa ng isang islogan tungkol sa kahalagahan ng isang makasaysayang pook na makikita sa inyong lalawigan.



Ang sumusunod na rubrik ang iyong maging batayan sa pagbuo nito.

## Rubrik para sa Paggawa ng Islogan

| Batayan | Puntos | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Husay ng pagkagawa | Ang islogan ay may napakaganda ng mga tuntunin ng pagiging maayos. Maayos ang pagkakagawa at hindi magulo. | Ang islogan ay may magandang mga tuntunin ng pagiging maayos. Mahusay na konstruksyon at hindi masyadong magulo. | Ang islogan ay katanggap-tanggap kahit na ito ay medyo magulo. | Ang islogan ay masyadong magulo at marumi. |
| Pagkamalikhain | Napakamalikhain ang pagkagawa. Maraming pag-iisip at pagsisikap ang ginamit. | Malikhain at isang mahusay na halaga ng pag-iisip ang inilagay sa dekorasyon nito. | Malikhain at ang ilang pag-iisip ay inilagay. | Hindi sumasalamin ng anumang antas ng pagkamalikhain. |
| Pagkaorihinal | Natatangi ang paggamit ng mga bagong ideya at pagka-orihinal. | Mahusay na paggamit ng mga bagong ideya at pagka-orihinal. | Karaniwang paggamit ng mga bagong ideya at pagka-orihinal | Walang paggamit ng mga bagong ideya at pagka-orihinal. |

# Susi sa Pagwawasto

**Pagyamanin**

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

**Isaisip**

1. Mga makasaysayang pook sa rehiyon.
2. Marami ang posibleng sagot.
3. Iba-iba ang maaring sagot.

**Balikan**

1.Zamboanga del Sur
2. Zamboanga Sibugay
3.Kinabayo Festival
4.Pagsalabuk Festival
5.Zamboanga City

**Gawain 1**
Maraming posibleng sagot.

**Gawain 2**
Maraming posibleng sagot

**Tayahin**

1. D
2. A
3. D
4. D
5. B

# Sanggunian:


Cerilyd Dejerio- Balsamo, Leah Mabanag Silod, et.al Araling Panlipunan 3 LM, Rehiyon IX- Zamboanga Peninsula, Unang Edisyon 2019 p.300-307.

Most Essential Learning Competencies – Araling Panlipunan 3, 3rd Quarter

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.